Republic of the Philippines
**Department of Education**
NEGROS ISLAND REGION
**DIVISION OF ESCALANTE CITY**

DEPED
SDO-ESCALANTE
27 JUL 2026
RELEASED

Hulyo 27, 2026

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blg. 293, s. 2026

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026**

Sa Mga: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Punongguro ng Elementarya, Sekondarya, at Senior High School
(Pampubliko at Pribado)

1. Alinsunod sa **Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997** na nagtatadhana ng pagdiriwang ng Buwan ng **Wikang Pambansa tuwing buwan ng Agosto**, at bilang pakikiisa sa temang itinakda ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa taong 2026 na **"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon,"** ang Tanggapan ng mga Paaralang Panlungsod ng Escalante ay nag-uutos sa lahat ng pampublikong paaralan na magsagawa ng mga makabuluhan at makabagong gawaing magtataguyod sa pagpapahalaga sa Wikang Filipino bilang wika ng karunungang, pananaliksik , kultura, at pambansang pagkakakilanlan, kasabay ng responsableng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa edukasyon.

2. Nilalayon ng pagdiriwang na :

a. mapaigting ang pagpapahalaga, paggamit, at pagpapaunlad ng Wikang Filipino bilang wika ng pagkatuto, pananaliksik, at komunikasyon.
b. maitaguyod ang responsible, etikal, at makabuluhang paggamit ng Artificial Intelligence (AI) bilang katuwang sa pagkatuto at pananaliksik;
c. maisama ang tema ng Buwan ng Wikang Pambansa sa iaba't ibang gawaing pampagtuturo at pampagkatuto sa lahat ng antas; at
d. malinang ang pagkamalikhain,mapanuring pag-iisip, at kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga gawaing nakabatay sa tema.

3. Sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026, ang tema ay **"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon".** Tugon ang temang ito sa mga probisyong nakasaad sa DepEd Order No. 003, s. 2026 o "Foundational Guidelines on Artificial Intelligence in Basic Education," na naglalayong isulong ang estratehikong integrasyon ng AI applications at websites bilang katuwang sa pagkatuto. Hinihikayat sa probisyong ito ang paggamit ng AI na nararapat ay humancentered, mapanuri sa pabago-bagong kalikasan ng AI (stochastic nature), may mataas na pagpapahalaga sa etika, data privacy, at seguridad upang matiyak ang integridad, inklusibo, at makabuluhang pagkatuto na hindi isinasantabi ang emosyonal na pundasyon ng edukasyon. Sa pamamagitan ng AI mapauunlad ang wika sa panahon ng Artificial Intelligence (AI) na kasangkapan sa pagbuo ng mga pananaliksik at mayamang impormasyon bilang pagtataguyod sa wika, kultura, at kasaysayan ng bansa.

4. Para sa makabuluhang pakikibahagi sa pagdiriwang na ito ng Buwan ng Wikang Pambansa, naglaan ng mga gawaing pansilid na angkop sa antas at kakayahan ng mga mag-aaral sa bawat yugto. Kalakip nito ang halimbawa ng mga banghay-aralin sa pagsasagawa ng mga gawain. Narito ang talahayan ng mga gawaing pansilid:

| Baitang | Gawain | Layunin |
|---|---|---|
| Unang Yugto (Kindergarten hanggang Baitang 3) | Likhawento | Makabuo at makapagsalaysay ng kuwento upang malinang ang pagkamalikhain at kasanayan sa wika. |
| Ikalawang Yugto (Baitang 4 hanggang 6), | Tahirawan | Mapaunlad ang kakayahan ng mga mag aaral sa malikhaing pagpapahayag at paggamit ng wika. |
| katlong Yugto (Baitang 7 hanggang 10), | DokyuWento | Makalikha ng makabuluhang dokumentaryong nagsasalaysay ng mga karanasan, isyu, o kulturang may kaugnayan sa tema ng pagdiriwang. |
| Ikaapat na Yugto (Baitang 11 hanggang 12) | AI-Saliksik | Magamit ang makabagong teknolohiya at (AI) bilang katuwang sa masusing pananaliksik at paglikha ng mga makabuluhang akademikong output. |

5. Ang lahat ng paaralan ay inaasahang magsasagawa ng iba't ibang **classroom-based at school-based activities** sa buong buwan ng Agosto 2026. Ang mga gawaing ito ay isasagawa bilang bahagi ng regular na proseso ng pagtuturo at hindi dapat makaapekto sa oras ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

6. Hinihikayat ang bawat paaralan at dibisyon na:

a. magsagawa ng pambungad na programa bilang hudyat ng pagsisimula ng pagdiriwang;

b. hikayatin ang lahat ng guro, kawani ng dibisyon at mag-aaral na magsuot ng Barong Tagalog, Filipiniana, o katutubong kasuotan tuwing Lunes ng buwan ng Agosto bilang pagpapakita ng pagmamalaki sa kulturang Pilipino;

c. isama ang tema ng pagdiriwang sa mga gawaing pampagtuturo, mga gawaing pampagkatuto, mga proyekto, pananaliksik, at iba pang gawaing pangklase;

d. hikayatin ang mga mag-aaral, mga guro, mga kawani ng dibisyon na magsalita ng wikang Filipino nang sa gayon ay mapahalagahan at matutong mahalin ang wikang Pambansa;

e. magsagawa ng mga gawaing magpapalawak ng kamalayan sa wastong paggamit ng Wikang Filipino at Artificial Intelligence (AI); at

f. magsagawa ng angkop na pangwakas na gawain bilang pagtatapos ng pagdiriwang.

7. Upang maidokumento ang mga isinagawang gawain, ang lahat ng **Tagapag-ugnay sa Filipino ng Paaralan** ay inaatasang magsumite ng **Accomplishment Report** na pirmado ng Punongguro at iupload ito **Filipino Repository** sa loob ng **tatlong (3) araw** matapos ang

pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, o **hindi lalampas sa ika-3 ng Setyembre 2026.**

**Ang ulat ay dapat maglaman ng:**

- Maikling salaysay ng mga isinagawang gawain;
- Talaan ng mga aktibidad;
- Mahuhusay na kasanayan (Best Practices); at
- Larawang-dokumento na may kaukulang kapsyon.

8. Hinihikayat din ang lahat ng paaralan ang pagpaskil ng tarpaulin na kalakip ang tema sa kani-kanilang entablado at iulat at idokumento ang kanilang mga gawain at ibahagi ito sa opisyal na platform ng kanilang paaralan gamit ang hashtags: #BuwanNgWika2026 #FilipinoAdelanteEscalante.

9. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, inaasahang matitiyak ang pagsunod sa DepEd Order No. 9, s. 2005 o Institute Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith na hindi dapat makaabala sa regular na klase ang mga gawain. Gayundin, ang pagtupad sa isinasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2026 o Guidelines on the Implementation of the Three-Term School in Basic Education) na ang lahat ng co-curricular na gawain at iba pang kaugnay ng pagdiriwang na nakapaloob sa Instructional Block ay dapat isagawa nang hindi makaaantala sa regular na proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang pagdiriwang ay inaasahang maisasama sa mga gawain sa pagtuturo at iba pang gawain sa pagkatuto na nakahanay sa kurikulum upang mapanatili ang sapat na oras para sa paglinang ng mga kasanayan sa mga mag-aaral. Gayundin, mahalaga ang pagtiyak sa pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 o Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off-Campus Activity.

10. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**PETER J. GALIMBA**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

Kalakip : Gaya ng isinasaad
Sanggunian: DepEd Order No. 66, s. 2017 , DepEd Order No. 9, s. 2025, DepEd Order No. 9, s. 2026
Allotment : 1-2-3-6-7-8
To be indicated in the Perpetual Index of the following subjects:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS CURRICULUM LANGUAGE LEARNING AREA, FILIPINO

Mapa 07/27/2026